

# 1

*Every woman should be a princess on her wedding day, and princesses are supposed to be happy, paulit-ulit na sabi ni Breeana sa sarili. Humugot siya ng malalim na paghinga at pinuno ng hangin ang dibdib habang pinagmamasdan ang sariling repleksyon sa salamin.*

She wore a white chiffon sheath wedding dress. Nakalugay lang ang mahaba niyang buhok na bahagyang kinulot ang dulo. The typical bridal veil was replaced with a satin headband. Light makeup lang ang in-apply sa mukha niya. Ang totoo niyan, hindi na niya kailangan ng makeup. She was already too beautiful... too beautiful to be true.

Inalis niya ang mga mata sa salamin at mariing ipinikit ang mga iyon. Nanlalamig ang kanyang balat at nagsisipagtayuan ang balahibo niya sa katawan, maging ang maliliit na buhok sa kanyang batok. Inilapat niya ang kamay sa kanyang batok at bahagyang pinisil ang parteng iyon.

“I know what you feel, Baby. Wedding day jitters lang iyan o kaya’y cold feet. Normal lang iyan sa mga babaeng ikakasal,” anang stepmother niya. Ito na ang kinagisnan niyang ina. Her daddy told her that her biological mother died upon giving birth to her. Nag-asawa itong muli at iyon ay ang Mommy Frey niya.

“They aren’t just cold feet or wedding day jitters, Mommy Frey. Alam mo kung ano ang nararamdaman ko,” makahulugan niyang pahayag.

Umangat ang isang kilay nito. For a split second, parang nakita niya ang maitim na aura ng ina-inahan. The old woman’s eyes spat fire and that fire was eating her alive.

“Kung may pinaplano kang hindi maganda, Breeana, ngayon pa lang sinasabi ko na sa iyo, forget it. You are going to marry Franky, maliwanag?” May kalakip na talim ang tono ng tinig nito.

“Yes, Mommy Frey,” kimi niyang sang-ayon. Her daddy passed away five years ago, magmula noon ay ang madrasta na ang nagpatakbo sa buhay niya. Sinubukan niyang sundin ang lahat ng gusto nito, but to marry a stranger? She breathed in air and filled her lungs. Hindi pa man ay tila nasasakal na siya sa kulungang naghihintay sa kanya.

Marahang pisil sa balikat ang pumutol sa paglalakbay ng kanyang diwa. “You won’t regret this, Baby. Trust me,” malambing na pahayag ni Frey. Wala na ang mabangis na kislap sa mga mata nito. “The wedding will start in about fifteen minutes, Bree.” Iyon lang at lumabas na ito ng silid. Nasa isang maliit na kuwarto siya sa loob ng opisinang katabi ng simbahan na pagdarausan ng kasal.

Ipinikit niya ang mga mata at isinandal ang likod sa upuan. She felt exhausted. Labinlimang minuto na lang at habang-buhay na siyang matatali kay Franky, ang lalaking nakatakda niyang

pakasalan. Biglang lumutang sa balintataw niya ang mukha ng groom. Malaki ang pagkakahawig nito sa isa sa mga kontrabida ng palabas na *Powerpuff Girls* series, si *Fuzzy Lumpkins*—huge disturbing nose, pink-red eyes, and a wide jaw. Mabalbon din ito.

“The gods must have hated me so much,” she groaned. Tumingala siya sa puting kisame. “Magpakamatay na lang kaya ako?” nanlulumo niyang ungol. Parang nang-iinis pang muling lumitaw sa balintataw niya ang imahe ni Franky. Impit siyang napatili.

“Ah... Miss Bree, okay lang po ba kayo?” nakaangat ang kilay na tanong sa kanya ni Ayesha, ang assistant niyang nagsisilbi ring guwardya niya. In short, kampon ng kanyang madrasta.

“Y-yes. Of course, I’m okay.”

“Tara na po, Miss Bree. Pinapatawag na po kayo ni Ma’am Frey. Magsisimula na raw ang kasal.”

“Sige.” Matamlay siyang tumayo at sumama sa dalaga. Lumabas sila mula sa opisina at tinahak nila ang makipot na pathwalk patungong simbahan. Bawat hakbang ay binibilang ni Breeana. Habang papalapit siya roon ay tila palalim nang palalim ang hukay na inihanda ni Kamatayan para sa kanya. Napatingala siya sa payapang kalangitan kung saan nakasabog ang mapuputing ulap. Naniniwala siyang sa likod ng mga iyon ay mga anghel na nakamasid lang sa mga tao.

*Little angels, please rescue me from this harm, taimtim niyang*

dasal.

Nang nasa bungad na siya ng simbahan at nasilip niya ang nakangising mukha ni Franky ay hindi na niya kinaya.

“I cannot marry Fuzzy Lumpkins!” tili niya, sabay talilis palayo.

---

Ilang beses nang muntikang mapatid si Breeana sa sarili niyang mga paa. Hindi na niya maaninag ang daan dahil kalat na ang dilim sa kalangitan. Gayunpaman, hindi pa rin siya tumitigil sa ginagawa niyang paglakad-takbo. Naririnig pa rin niya ang yabag ng mga taong inutusan ng madrasta niya upang habulin siya.

“Huwag kayong titigil! Hindi pa nakakalayo iyon! Lagot tayo kay Bossing kapag nakatakas ang babaeng iyon!” galit na sigaw ng isang malalim na boses.

Lalong nanuot ang takot at kaba sa mga ugat niya. Pilit niyang idinilat at inikot ang mga mata sa paligid. Pulos nagtataasang mga puno lang ang namamalas ng kanyang paningin.

“Diyos ko, iligtas po Ninyo ako sa tiyak na kapahamakan,” mahina niyang panalangin. Unti-unti na siyang nawawalan ng pag-asa. Nanghihina na siya sa pagod at sa pinaghalong negatibong emosyon na bumabalot sa kanyang sistema. Halos itulak na niya ang mga paa para gumalaw ang mga iyon. Walang

ampat ang pagdaloy ng luha mula sa kanyang mga mata habang patuloy siyang nagdarasal. She felt like being thrown into a cage filled with lions—hopeless and helpless.

“Lord, please... good girl naman po ako—” Nabitin ang kanyang monologue dahil tumambad sa di-kalayuan ang isang napakalaking bahay. For her, it was a haunted house... isang abandonadong mansyon. “Lord naman, ito na ba ang tulong Ninyo sa akin? Mukhang mas mapapahamak pa ako rito kaysa sa mga goons ni Mommy Frey,” himutok niya.

“Maghiwa-hiwalay tayo para mas mabilis nating mahanap ang babaeng iyon! Malakas ang kutob kong malapit na natin siyang mahuli!” narinig niyang sigaw ng isang lalaki.

Napaurong siya at lalong nangatal ang kanyang kalamnan. Tinitigan niya ang direksyong pinagmulan ng boses bago niya ipinaling ang paningin sa mansyon. Mariin niyang ipinikit ang mga mata at huminga nang malalim bago naglakad palapit doon.

*Choose the lesser evil,* naisaloob niya.

Kung mahuhuli siya ng mga tauhan ni Mommy Frey, siguradong katapusan na ng maliligayang araw niya sa mundo. On the other hand, kung makikipagsapalaran siya sa ‘haunted mansion’ ay mayroon pa siyang mga estimated ten percent chance na mapabuti ang kanyang kalagayan.

Habul-habol niya ang paghinga nang marating ang tapat ng mansyon. She had no choice but to climb over the wrought-

iron gate. Nanghihina niyang tinitigan ang sarili. Hanggang talampakan ang haba ng suot niyang wedding gown. Hindi naman niya mapupunit nang basta-basta lang iyon. It would take more than mere adrenaline rush to tear her wedding gown apart.

Sa huli ay napagpasyahan niyang akyatin na lang ang gate kahit na napakahirap gawin niyon habang naka-traje de boda siya. Pababa na siya sa kabilang bahagi ng tarangkahan nang dumulas ang kanyang mga paa at nawalan siya ng balanse. Mariin niyang ipinikit ang mga mata at in-anticipate na niyang babagsak siya sa semento ngunit hindi nangyari iyon.

Umingit ang gate at naramdaman niyang nagse-sway lang ang katawan niya sa ere. Dahan-dahan niyang iminulat ang mga mata at nakita niyang sumabit pala ang laylayan ng kanyang gown sa nakausling matulis na disenyo sa itaas ng tarangkahan. Magpapasalamat na sana siya, ngunit malalakas na kahol ang sumunod na umagaw sa kanyang atensyon.

Breeana saw two German Shepherds aggressively running toward her direction. Ibinuka niya ang bibig at malakas na sumigaw, subalit walang boses na lumabas mula sa kanyang lalamunan. She paled and her heart pounded painfully.

“This would surely hurt, ha. Why do I have to die a painful death?” mahina niyang usal bago siya nawalan ng malay.

---

Mabigat ang pakiramdam ni Breeana. Mistulang may

malalaking hollow blocks na nakapatong sa kanyang katawan. Pilit niyang iginalaw ang mga daliri sa kanyang kanang kamay. She made the tiniest movement, but it sucked out a lot of energy from her body. Tumigil siya sa paggalaw at pinakiramdaman niya lang ang paligid. She could hear voices.

“Kawawa naman ho siya, Señorito. Marami po siyang galos at sugat sa katawan. Mahinang-mahina pa po siya,” anang isang garalgal na boses. Malamang ay isang matandang babae ang nagmamay-ari ng tinig na iyon.

Alam niyang siya ang tinutukoy nito. Pinakiramdaman niya ang sarili. May mga parte nga ng katawan niya ang kumikirot at medyo mahapdi.

“Wala akong pakialam, Manang Trining. Sundin mo na lang ang utos ko at huwag mo nang subukang baguhin pa ang isip ko. Paggising ng babaeng iyan ay paalisin na kaagad ninyo,” istriktong utos ng baritonong tinig. The man’s voice could seduce even the most callous woman in the world, kaso naman ang attitude ay hindi siguro kayang kainin kahit na ng pinaka-choosy na aso.

*Ang rude, ha!* naisip niya. *Ang ganda pa naman ng boses, sayang.* Kung gaano kasi kaganda ang boses nito ay ganoon din kasama ang ugali nito. Inipon niya ang lakas upang maidilat ang mga mata. Kailangan niyang mamasdan ang mukha ng taong nagmamay-ari ng napakagandang boses at napakapangit na ugali.

Unang tumambad sa paningin niya ang mukha ng isang

matandang babae. Mabait ang bukas ng mukha nito. Puti na ang buhok at kulubot na ang balat, pero mukhang malakas pa ang pangangatawan. Simpleng bulaklaking duster ang suot nito.

Sunod niyang tinitigan ang kausap nitong lalaki. Matangkad at maganda ang pangangatawan nito. Lampas-balikat ang maalon nitong buhok na kulay kape. Maliban sa napakatangos nitong ilong ay hindi na niya mabistahan nang maigi ang mukha nito sapagkat bahagya itong nakatagilid. She somehow felt disappointed. Ngunit nakapagtata kang kahit hindi pa niya ito nakikita nang mabuti ay tila sigurado na siyang artistahin ang anyo nito.

“She’s awake,” malamig na sabi ng lalaki.

Pinigil niyang mapasinghap nang bigla itong lumingon sa kanya. Nagkahulihan ang kanilang mga mata. The man had a pair of cold and empty eyes. Wala siyang masilip na emosyon sa mukha nito. He had a deadpan expression. Hindi rin naman ito nag-iwas ng mukha, kaya napagtanto niyang tama nga ang intuition niya na guwapo ito.

Actually, parang hindi bagay rito ang salitang ‘guwapo’. He was more than that. The man who stood a few inches away from her was a Spanish mestizo with a Mediterranean physique, an aquiline nose structure, and strong physical features. Mukha itong banyagang mananakop.

*Aba, kung ganito rin lang naman ka-superior ang face ng*



*gustong manakop, di magpapasakop na kaagad ako, she thought naughtily. Saglit niyang nakalimutan ang mga sugat na kumikirot sa kanyang katawan at ang problemang kinakaharap niya sa kasalukuyan. Pinagsawa niya ang mga mata sa magandang biyaya ng Diyos sa kababaihan.*

Nangunot ang noo ni Breeana nang may mapansin siya sa mukha nito. May peklat pala ito—mga isang pulgada ang haba at nasa bandang cheekbone iyon. Hindi naman iyon pangit tingnan, sa halip ay mas lalo pa iyong nakadagdag sa appeal nito. With that sexy scar on his handsome face, it was giving an impression to people that this man was a savage and wild lover.

“Miss, bingi ka ba o sadyang nagbibingi-bingihan lang? Uulitin ko, tumayo ka na riyan at kailangan mo nang umalis ora mismo.”

Nalaglag ang panga niya sa tinuran nito. Hindi kaagad siya nakahuma. Who would have thought that this man whose face was that of a perfect human being would have the attitude of a beast? Ah, yes... beast... hindi maaaring kontrolin. Marahas ngunit masarap magmahal. The type of lover who would give a woman drastic kisses and burning touches. A lover who would give her an achingly sweet ecstasy.

Ipinilig niya ang ulo. Gusto niyang mahiya sa sarili dahil sa kung anu-anong kahalayan na tumatakbo sa utak niya.

“Manang, marunong kang mag-Bisaya, hindi ba? Subukan

mo nga at ikaw na ang bahalang makipag-usap sa babaeng iyan. Mukhang malabong magkaintindihan kami. I would take it that she doesn't speak Filipino language or she would be the dumbest person I've ever met," maanghang nitong pahayag bago walang paalam na lumabas ng silid.

*"Day, pasayluha na lang—"*

"Manang, hindi po ako nakakaintindi ng Bisaya," mabilis niyang putol sa sasabihin sana ng matanda. "Hindi ko lang ho nakuhang sumagot agad kanina."

*And that would make me the dumbest person he has ever met,* sabad ng utak niya.

"Gan'on ba? Natakot ka siguro kay Señorito, ano? Lahat naman dito sa mansyon ay takot sa kanya."

Lihim na nagsalubong ang mga kilay niya sa sinabi nito. "Bakit naman po takot sa kanya ang mga tao rito?"

Umilap ang mga mata nito at naging alanganin ang ngiti. "Huwag ka nang magtanong. Tara na at ihahatid kita sa labas. Ano nga pala ang pangalan mo?"

"Breeana po. 'Bree' na lang for short."

"Ako naman si Manang Trining," pagpapakilala nito.

Inalalayan siya ng matanda na tumayo at maglakad patungo sa main door, subalit bago pa man niya makuhang ihakbang ang

mga paa palabas ay nahagip na ng kanyang tingin ang dalawang lalaking palakad-lakad sa labas ng gate. Kilala niya ang mga iyon. Mga tauhan ng madrasta niya!

Mabilis niyang hinila paurong ang kasama. Nagtago siya sa likod ng pinto. Muli niyang naramdaman ang nakakatakot na kabang gumapang sa buo niyang pagkatao.

“Manang, parang-awa na po ninyo. Huwag n’yo po akong paalisin. Ang dalawang lalaki sa labas, mga tauhan po sila ng madrasta ko. Hindi po nila ako gagawan ng mabuti. Please po, Manang, nakasalalay po sa mga kamay ninyo ang kaligtasan ko,” sumamo niya.

“Naku, eh, paano ba ito?” Bakas sa anyo nito ang matinding pagkalito.

“Please po. Kakausapin ko po ang señorito ninyo para payagan niya akong manatili rito pansamantala. Sige na po,” pakiusap niya.

Nag-isip ito nang malalim, nagtatalo ang loob kung pagbibigyan siya o susundin ang utos ng amo. Sa huli ay nanaig din ang kabutihang-loob nito. “Ikaw na ang bahalang kumausap sa kanya, Bree. Bababa rin naman siya mamaya.”

Nakahinga siya nang maluwag. “Ano nga po pala ang pangalan niya, Manang Trining?”

“Niccolo.”